



**ESTADO NG HAWAII**  
**DEPARTAMENTO NG KALUSUGAN**  
P.O Box 3378  
Honolulu, Hawaii 96801-3378

Agosto 1, 2009

Mahal Naming mga Magulang:

Ang Departamento ng Kalusugan ng Estado ng Hawai'i, sa pakikipagtulungan ng Departamento ng Edukasyon, ang Asosasyon ng mga Malayang Paaralan sa Hawai'i (Hawai'i Association of Independent Schools), at ang mga Paaralang Katoliko sa Hawai'i (Hawai'i Catholic Schools) ay muling magbibigay ng libreng bakuna sa trangkaso (flu) sa paaralan para sa mga estudyante sa kindergarten hanggang sa ikawalong baitang (eighth grade) ngayong panahon ng taglagas (fall). Ang mga uri ng bakuna— ang iniiniksiyon o itinuturok (shot) at ang iniisprey o idinadaan sa ilong (nasal spray) —ay parehong iaalok, at ang impormasyon tungkol sa mga bakunang ito (Impormasyon Tungkol sa Pagbabakuna) ay nakalakup dito. Pakibasa ang pahayag na ito upang maging gabay ninyo sa pagpili ng pinakamainam na bakuna para sa inyong anak.

Ang pagbabakuna sa inyong anak ay magaganap sa kanilang paaralan sa pagitan ng Oktubre at Disyembre 2009. Ipaalam sa inyo ng paaralan kung anong petsa at kung anong oras mababakunahan ang inyong anak. Kung nais niyong mabakunahan ng libre ang inyong anak sa kanilang paaralan:

1. Piliin ang uri ng bakuna na gusto niyong maibigay sa inyong anak:  
Iniisprey o Idinadaan sa Ilong (Buhay, Bakunang Inilalagay sa Ilong)  
O  
Iniiniksiyon o Itinuturok (Hindi Buhay na Bakuna sa Trangkaso)
2. Kumpletuhin ang **ISA LAMANG** na Pormularyo ng Pahintulot:  
Iniisprey sa Ilong – **DILAW** na Pormularyo ng Pahintulot  
O  
Iniiniksiyon – **BERDENG** Pormularyo ng Pahintulot
  - a) Kumpletuhin ang hinihinging impormasyon
  - b) Ang **LAHAT** na tanong ay **KAILANGANG** masagutan
  - c) **LAGDAAN AT LAGYAN NG PETA** ang Pormularyo ng Pahintulot
3. Ibalik ang nakumpletong Pormularyo ng Pahintulot ng Pagbabakuna sa guro ng iyong anak na di lalampas sa **Setyembre 11, 2009**.
4. Di kailangang ibalik ang Pormularyo ng Pahintulot kung ayaw niyong mabakunahan sa paaralan ang inyong anak.

Magkakaroon lamang ang bawat paaralan ng isang klinika. Kung ang inyong anak ay nangangailangan ng pangalawang bakuna sa trangkaso (para sa mga batang edad 8 o mas mababa, na ngayon lamang mababakunahan para sa trangkaso), mangyari lamang ay kausapin ang doktor ng inyong anak para sa pangalawang bakuna nito.

Kung kayo'y may mga katanungan tungkol sa programa ng paaralan sa pagbabakuna para sa trangkaso, tawagan ang Aloha United Way 2-1-1, Lunes hanggang Biyernes, ika-6:00 ng umaga – ika-9:00 ng gabi. Ang pagbabakuna ang pinakamabisang paraan upang mapangalagaan ang inyong anak kontra sa trangkaso. Sa ating pagtutulungan, matitiyak natin na ang paaralan ng inyong anak pati na rin ang ating komunidad ay lalong maging kaaya-aya para sa ating kalusugan.

Gumagalang,

TAGALOG

Sarah Y. Park, M.D., F.A.A.P  
Epidemiyolohista ng Estado

Nakalaki



## Mga Madalas na Itinatanong

### **Malusog ang aking anak – kailangan bang mabakunahan siya para sa trangkaso?**

Oo. Inirekomenda ng Tagapayong Komite Tungkol sa Pagbabakuna (Advisory Committee on Immunization Practices) ang taunang pagbibigay ng bakuna sa trangkaso (flu vaccination) sa **LAHAT** na mga bata mula edad na 6 na buwan hanggang 18 na taon. Sa pamamagitan ng rekomendasyong ito, inaasahang bababa ang posibilidad ng panganib na magkakaroon ng trangkaso ang mga bata, ang pagpunta nila sa doktor, at ang pagliban nila sa kanilang mga klase. Maliban dito, kung mapaliit ang tsansa ng pagkalat ng sakit na trangkaso sa mga bata, mapaliit din ang posibilidad na magkakasakit ng trangkaso ang kanilang mga kasambahay, at sa kanilang sariling lugar.

### **Kailan maibibigay ang bakuna sa trangkaso?**

Magsisimula sa Oktubre 2009 ang pagbibigay ng bakuna sa trangkaso sa mga paaralan. Ang lahat na makikilahok na paaralan ay magkakaroon ng sariling klinika at oras ng pagbabakuna. Ang paaralang pinapasukan ng inyong anak ay ipapaalam sa inyo kung kailan ang eksaktong petsa ng pagbabakuna.

### **Ano ang aking gagawin upang mabigyan ang aking anak ng bakuna sa trangkaso sa kanilang paaralan?**

Napakadali ang paglahok! Basahin lamang ang Impormasyon Tungkol sa Pagbabakuna (Vaccine Information Statements), piliin ang tipo ng bakuna sa trangkaso (Bakuna sa Trangkaso na Iniisprey o Idinadaan sa Ilong o Bakuna sa Trangkaso na Iniiniksiyon) na gusto mong maibigay sa inyong anak, at kumpletuhin, lagdaan, at isauli ang angkop na Pormularyo ng Pahintulot o Consent Form (**DILAW** – Bakuna sa Trangkaso na Iniisprey sa Ilong; **BERDE** – Bakuna sa Trangkaso na Iniiniksiyon) sa paaralang pinapasukan ng inyong anak.

### **Paano na kung mababakunahan para sa trangkaso ang aking anak sa opisina ng kanyang doktor pagkatapos na maipadala ko ang kanyang Pormularyo ng Pahintulot?**

Kailangang kunin mo ang Pormularyo ng Pahintulot ng inyong anak sa kanilang paaralan bago ang nakatakdang araw ng pagbabakuna upang makasigurado ka na hindi mabakunahan ang inyong anak.

### **Ang bakuna sa trangkaso ba ay may halong thimerosal?**

Ang ilang ‘brands’ ay may halong thimerosal. Sa ngayon, karamihan sa di-buhay na bakuna sa trangkaso (bakuna na iniiniksiyon o “flu shots”) ay naglalaman ng kaunting thimerosal na ginagamit upang mapreserba ang bakuna. Ang bakuna sa trangkaso na iniisprey sa ilong ay walang halong thimerosal.

### **Ligtas ba para sa mga bata na mabigyan ng bakuna sa trangkaso na may lamang thimerosal?**

Walang ebidensiya sa siyensiya na nakakapinsala ang kaunting thimerosal sa mga bakuna. Ang mga sumusunod na websites ay makapagbibigay ng karagdagang kaalaman tungkol dito: US Food & Drug Administration (<http://www.fda.gov/cber/vaccine/thimerosal.htm#t1>) o ang Centers for Disease Control & Prevention (<http://www.cdc.gov/nip/vacsafe/concerns/thimerosal/faqs-thimerosal.htm>).

### **Ano ba itong Talaan ng Pagbabakuna sa Hawaii o Hawaii Immunization Registry?**

Ang Talaan ng Pagbabakuna sa Hawaii o Hawaii Immunization Registry ay isang sistema ng kompyuter na hindi basta nabubuksan ng sino man at dito nakaimbak ang mga rekord ng pagbabakuna ng mga pasyente at ang mga rekord na ito ay maaaring buksan at gamitin lamang ng mga doktor, nars, at iba pang mga taong nag-aalaga ng kalusugan. Para sa karagdagang kaalaman, tingnan ang website ng Hawaii Immunization Registry website sa <http://hawaii.gov/health/family-child-health/immunization/registry/index.html> o tawagan ang (808) 586-4665 (Oahu) o 1-888-447-1023 (Mga Karatig na Isla).

**Para sa karagdagang kaalaman tungkol sa programa ng paaralan sa pagbibigay ng bakuna sa trangkaso, bisitahin ang [www.stopfluatschool.com](http://www.stopfluatschool.com) o tawagan ang Aloha United Way 2-1-1, Lunes – Biyernes, 6 ng umaga – 9 ng gabi.**



**KAILANGANG TANDAAN:**

- Pumili ng gustong uri ng bakuna sa trangkaso na gusto mong maibigay sa inyong anak
- Kumpletuhin ang **ISA** lamang na Pormularyo ng Pahintulot o Consent Form (**DILAW** – Bakuna sa Trangkaso na Iniisprey sa Ilong; **BERDE** – Bakuna sa Trangkaso na Iniiniksiyon)
- Sagutin lahat ng mga tanong
- Lagdaan at lagyan ng petsa ang Pormularyo ng Pahintulot
- Ibalik ang Pormularyo ng Pahintulot sa paaralan ng inyong anak ng di lalagpas sa **Setyembre 11, 2009**.

|     |  |   |
|-----|--|---|
| 1.  | STUDENT Vaccination Consent Form   | Pormularyo ng Pahintulot sa Pagpapabakuna ng ESTUDYANTE   |
| 2.  | FLU NASAL SPRAY  | BAKUNA SA TRANGKASO NA INIISPREY O IDINADAAN SA ILONG   |
| 3.  | Student's Name (Last)  | PANGALANG NG ESTUDYANTE (APILYEDO)  |
| 4.  | (First)  | (Pangalan)  |
| 5.  | M.I.   | UNANG LETRA NG APILYEDO NG INA  |
| 6.  | Student date of birth  | PETSA NG KAPANGANAKAN NG ESTUDYANTE   |
| 7.  | Age in years   | Edad (Taon)   |
| 8.  | PARENT'S/GUARDIAN'S NAME (Last)  | PANGALAN NG MAGULANG/TAGAPAG-ALAGA  |
| 9.  | STUDENT'S GENDER   | KASARIAN NG ESTUDYANTE  |
| 10. | Select one   | Pumili ng isa   |
| 11. | MALE   | LALAKI  |
| 12. | FEMALE   | BABAE   |
| 13. | ADDRESS  | ADRES O TIRAHAN   |
| 14. | CITY   | LUNGSOD   |
| 15. | ZIP  | ZIP CODE  |
| 16. | DAYTIME PHONE NUMBER:<br>HOME PHONE:<br>CELL PHONE:                                  | NUMERO NG TELEPONO NA MAAARING MATAWAGAN SA ARAW:<br>TELEPONO SA BAHAY:<br>CELL PHONE                                     |
| 17. | HOMEROOM TEACHER'S NAME (Last, first)  | PANGALAN NG GURO NA GUMAGABAY SA ESTUDYANTE (Apilyedo, pangalan)  |
| 18. | SCHOOL NAME  | PANGALAN NG PAARALAN  |
| 19. | GRADE  | GRADO O ANTAS   |
| 20. | STUDENT'S DOCTOR'S NAME (Last, first)  | PANGALAN NG DOKTOR NG ESTUDYANTE (Apilyedo, pangalan)   |
| 21. | STUDENT'S HEALTH INSURANCE   | SEGURO SA KALUSUGAN (HEALTH INSURANCE) NG ESTUDYANTE  |
| 22. | The "Stop Flue at School" program is FREE.   | Ang programang "Pigilin ang Trangkaso sa Paaralan" ("Stop Flu at School") ay WALANG BAYAD.                                |
| 23. | Your insurance will NOT be billed.   | WALANG masingil sa inyong seguro.   |
| 24. | Private  | Pribado   |
| 25. | No insurance   | Walang seguro   |
| 26. | Not sure   | Hindi ko tiyak  |
| 27. | Other:   | Iba pa:   |
| 28. | Hawaii Immunization Registry Consent (See reverse side for information) (Select one) | PAHINTULOT UPANG MAIPASOK SA TALAAN NG PAGBABAKUNA SA HAWAII (Tingnan ang likod nito para sa impormasyon) (Pumili ng isa) |

|     |  |   |
|-----|--|---|
| 29. | I allow my child's vaccination record to be entered into the Hawaii Immunization Registry and made available to my child's doctor, the Department of Health, and other Registry Users for authorized purposes.             | Ipinapahintulot ko na maipasok ang rekord ng pagpapabakuna ng aking anak sa Talaan ng Pagbabakuna sa Hawaii at maaari ding ipamahagi ito sa doktor ng aking anak, sa Departamento ng Kalusugan, at sa mga iba pang Gumagamit ng Talaan para sa mga pinahinintulotang pakay. |
| 30. | I do not allow my child's vaccination record to be entered into the Hawaii Immunization Registry.  | Di ako papayag na maipasok ang rekord ng pagpapabakuna ng aking anak sa Talaan ng Pagbabakuna sa Hawaii.  |
| 31. | The following questions will help us to determine if your child may receive the Flu Nasal Spray (live, intranasal influenza vaccine). Please select YES or NO for each question.   | Ang inyong kasagutan sa mga sumusunod na katanungan ay makatutulong upang matiyak namin kung maaaring mabigyan ang inyong anak ng BAKUNA SA TRANGKASO NA INIISPREY SA ILONG (buhay, bakuna na idinadaan sa ilong). Sagutan ng OO o HINDI ang bawat katanungan.              |
| 32. | YES  | OO  |
| 33. | NO   | HINDI   |
| 34. | 1. Has your child ever had a serious allergic reaction to eggs or to a component of any flu vaccine?   | 1. Nagkaroon na ba ng malalang alerdyi ang inyong anak dahil sa itlog o sa isang sangkap ng anumang bakuna sa trangkaso?  |
| 35. | 2. Has your child ever had a serious reaction to a previous dose of flu vaccine?   | 2. Nagkaroon ba ng malalang karamdaman o reaksiyon ang inyong anak dahil sa bakuna sa trangkaso na nauna ng naibigay sa kanya?  |
| 36. | 3. Has your child ever had Guillain-Barré Syndrome (a serious nervous system disorder)?  | 3. Nagkaroon na ba ang inyong anak ng Guillain-Barré Syndrome (isang malalang sakit na umaapekto sa utak)?  |
| 37. | 4. Does your child have a long-term health problem such as heart disease, kidney disease, lung disease such as asthma, metabolic disease such as diabetes, or blood disorders such as anemia?                              | 4. Ang inyong anak ba ay may pangmatagalang sakit kagaya ng sakit sa puso, sakit sa bato o kidney, sakit sa baga kagaya ng hika, sakit sa metabolismo kagaya ng diyabetis o abnormalidad sa dugo kagaya ng anemya?  |
| 38. | 5. Does your child have a weakened immune system caused by cancer, cancer treatment such as x-rays or drugs, HIV/AIDS, or other disorder; is your child taking other drugs such as steroids that weaken the immune system? | 5. May kahinaan ba ng resistensiya ang inyong anak dahil sa kanser, gamot sa kanser kagaya ng x-rays o medisina, HIV/AIDS, o iba pang karamdaman; ang inyong anak ba ay may mga gamot kagaya ng steroids na nagpapahina ng resistansiya ng katawan laban sa sakit?          |
| 39. | 6. Does your child live with or have close contact with anyone with a severely   | 6. Ang inyong anak ba ay nakikitira o nakikihalo-bilo sa isang taong lubhang  |

|     |  |  |
|-----|--|--|
|     | weakened immune system requiring care in a protected environment?  | napakahina ang resistensiya na kailangan pang maalagaan sa isang protektadong lugar?   |
| 40. | 7. Is your child receiving aspirin or other aspirin-containing medication?   | 7. Umiinum ba ang inyong anak ng aspirina o mga gamot na naglalaman ng aspirina?   |
| 41. | 8. Is your child taking any prescription medicines to prevent or treat flu (i.e. Tamiflu <sup>®</sup> or Relenza <sup>®</sup> )?   | 8. Umiinum ba ang inyong anak ng mga gamot na inireseta ng doktor na pananggalang o gamot sa trangkaso (kagaya ng Tamiflu <sup>®</sup> or Relenza <sup>®</sup> )?  |
| 42. | If you answered YES to any questions, left any questions blank, or you are unsure of the answer to any of the above questions, your child will <u>not</u> receive the Flu Nasal Spray through the school vaccination program, but may be able to receive a Flu Shot (see GREEN Flu Shot Consent Form).   | Kung may sagot kang OO sa alin man sa mga katanungan, may katanungang hindi mo sinagot, o hindi ka tiyak o sigurado sa inyong sagot sa alin man sa mga katanungan sa itaas, ang inyong anak ay <u>HINDI</u> mabibigyan ng Bakuna sa Trangkaso na Iniisprey sa Ilong sa ilalim ng programa sa pagpapabakuna ng paaralan, ngunit maaari siyang mabigyan ng Bakuna sa Trangkaso na Iniiniksiyon (tingnan ang BERDENG Pormularyo ng Pahintulot para sa Bakuna sa Trangkaso na Iniiniksiyon).   |
| 43. | <p><b>CONSENT FOR CHILD'S VACCINATION:</b> I have received and read the 2009-10 Vaccine Information Statement for Influenza Vaccine. <i>The Flu Nasal Spray should not be given within 4 weeks of a MMR (measles/mumps/rubella) or varicella (chickenpox) vaccine, so I will inform my child's doctor that my child will be receiving a Flu Nasal Spray vaccine at school between October – December 2009.</i> I understand the risks and benefits, and give consent to the State of Hawaii Department of Health and its authorized staff for my child, named at the top of this form, to receive the Flu Nasal Spray. My signature also certifies my decision regarding the Hawaii Immunization Registry as indicated above. In addition, I consent to having information regarding my child's influenza vaccination shared with my child's doctor and my child's health insurance company.</p> | <p><b>PAHINTULOT SA PAGPAPABAKUNA NG ANAK:</b> Natanggap at nabasa ko ang 2009-10 Impormasyon Tungkol sa Bakuna para sa Bakuna sa Trangkaso. <i>[Ang BAKUNA SA TRANGKASO NA INIISPREY SA ILONG ay hindi dapat maibigay sa loob ng apat na linggo mula maibigay sa bata ang bakunang MMR (measles/mumps/rubella) or varicella (chickenpox), kaya ipaalam ko sa doktor ng aking anak na mabibigyan ang aking anak ng BAKUNA SA TRANGKASO NA INIISPREY SA ILONG sa kanilang paaralan sa pagitan ng Oktubre – Disyembre 2009.]</i> Naiintindihan ko ang mga panganib at mga kabutihang ibinibigay ng bakuna, at pinahihintulotan ko ang Departamento ng Kalusugan ng Estado ng Hawaii at ang mga autorisadong tauhan nito upang mabigyan ang aking anak, na ang pangalan ay nasa itaas, ng BAKUNA SA TRANGKASO NA INIISPREY SA ILONG. Pinapatunayan din ng aking lagda ang aking pasiya tungkol sa Talaan ng</p> |

|     |  |   |
|-----|--|---|
|     |  | Pagpapabakuna sa Hawaii na una ng nailahad sa itaas. Maliban dito, ipinapahintulot ko na ang rekord ng pagpapakuna ng aking anak ay maaaring maibigay sa kanyang doktor at sa kompanya na nangangasiwa sa seguro ng kalusugan (health insurance) ng aking anak. |
| 44. | Signature/Parent or Legal Guardian   | Lagda/Magulang o Legal na Tagapag-alaga   |
| 45. | Date   | Petsa   |
| 46. | FOR ADMINISTRATIVE USE ONLY  | PARA LAMANG SA MGA NANGANGASIWA SA PAGBABAKUNA  |
| 47. | Vaccine  | Bakuna  |
| 48. | Date dose administered   | Petsa ng ibigay ang bakuna  |
| 49. | Route  | Paano naibigay ang bakuna?  |
| 50. | Vaccine manufacturer   | Gumawa ng bakuna  |
| 51. | Lot number   | 'Lot number' ng bakuna  |
| 52. | Expiration date  | Petsa ng Pagkawala ng Saysay  |
| 53. | Date of VIS publication  | Petsa ng pagkalathala ng VIS  |
| 54. | Name, address, & title of vaccine administrator  | Pangalan, adres, at titulo o posisyon sa trabaho ng taong nag-iniksiyon o nag-isprey ng bakuna  |
| 55. | Live, intranasal influenza vaccine   | Buhay, bakuna sa trangkaso na idinadaan sa ilong  |
| 56. | Intranasal   | Idinadaan sa ilong  |
| 57. | Reason Flu Nasal SPRAY <u>NOT</u> given:   | Dahilan kung bakit and BAKUNA SA TRANGKASO NA INIISPREY SA ILONG ay <u>HINDI</u> naibigay:  |
| 58. | Student had temperature of 100.5° or higher  | Ang estudyante ay may temperatura na 100.5°F o mas mataas pa  |
| 59. | Student refused Flu Nasal Spray  | Di pumayag ang estudyante na mabigyan siya ng BAKUNA SA TRANGKASO NA INIISPREY SA ILONG   |
| 60. | Student's consent form incomplete  | Hindi kompleto ang Pormularyo ng Pahintulot sa Pagpapabakuna ng Estudyante  |
| 61. | Student absent   | Hindi pumasok ang estudyante  |
| 62. | Hawaii Department of Health  | Departamento ng Kalusugan ng Hawaii   |
| 63. | April 27, 2009   | Abril 27, 2009  |
| 64. | HAWAII IMMUNIZATION REGISTRY INFORMATION   | MGA DAPAT MONG MALAMAN TUNGKOL SA TALAAN NG PAGBABAKUNA SA HAWAII   |
| 65. | The Hawaii Immunization Registry (or "Registry") is a secure computer system that stores individual immunization | Ang Talaan ng Pagbabakuna sa Hawaii (o "Registry") ay isang sistema ng kompyuter na hindi basta nabubuksan ng sino man at   |

|     |  |  |
|-----|--|--|
|     | <p>records. Doctors, nurses, and other healthcare workers can use the Registry to access your child's immunization record. The Registry is a free service of the Hawaii State Department of Health for people living in Hawaii.</p>  | <p>dito nakatago ang rekord ng pagpapabakuna ng isang tao. Ang mga doktor, nars, at mga ibang tagapag-alaga ng kalusugan ay maaari nilang gamitin ang Registry upang tingnan ang rekord ng pagpapabakuna ng inyong anak. Ang Registry ay isang libreng serbisyo ng Departamento ng Kalusugan ng Estado ng Hawaii para sa mga taong naninirahan sa Hawaii.</p>  |
| 66. | <p>How does the Registry work?</p> <ul style="list-style-type: none"> <li><input type="checkbox"/> Doctors and nurses (Registry authorized users) can store information in the Registry. The information is used to make sure your child's immunization record is up to date. This information may include:</li> <li><input type="checkbox"/> Child's name</li> <li><input type="checkbox"/> Date of birth</li> <li><input type="checkbox"/> Gender</li> <li><input type="checkbox"/> Mailing address</li> <li><input type="checkbox"/> Immunization record</li> </ul>   | <p>Paano Maging Pakipakinabang ang Registry?</p> <ul style="list-style-type: none"> <li><input type="checkbox"/> Ang mga doktor at nars (sila'y pinapayagang gumamit ng Registry) ay maaaring magtago ng impormasyon sa Registry. Ang impormasyon o kaalamang ito ay magagamit upang maging parating bago ang rekord ng pagpapabakuna ng inyong anak. Maaaring kasama sa impormasyon ang mga ito:</li> <li><input type="checkbox"/> Pangalan ng bata</li> <li><input type="checkbox"/> Petsa ng kapanganakan</li> <li><input type="checkbox"/> Kasarian (lalaki o babae)</li> <li><input type="checkbox"/> Adres na maaaring padalhan ng sulat</li> <li><input type="checkbox"/> Rekord sa pagpapabakuna</li> </ul>                          |
| 67. | <p>How does the Registry help doctors and nurses?</p> <ul style="list-style-type: none"> <li><input type="checkbox"/> The Registry will help your child's doctor or nurse:</li> <li><input type="checkbox"/> View your child's immunization record. This is especially helpful if you change clinics or doctors.</li> <li><input type="checkbox"/> Check which immunizations are needed at each visit.</li> <li><input type="checkbox"/> Print out a current Hawaii Immunization Record.</li> </ul> <p>In times of emergency or disaster, the Registry can give important information to healthcare workers.</p> | <p>Paano makatutulong ang Registry sa mga doktor at nars?</p> <ul style="list-style-type: none"> <li><input type="checkbox"/> Ang Registry ay makatutulong sa doktor o nars na nag-aalaga sa inyong anak dahil:</li> <li><input type="checkbox"/> Makikita nila dito ang rekord ng pagpapabakuna ng inyong anak. Lalong makatutulong ito sa inyo kung magpapalit kayo ng klinika o doktor na titingin sa inyong anak.</li> <li><input type="checkbox"/> Makikita kung anong uri ng bakuna ang kailangan ng bata tuwing bibisita siya sa kanyang doktor.</li> <li><input type="checkbox"/> Makapagpaimprenta ng bagong Talaan ng Pagbabakuna sa Hawai.</li> </ul> <p>Sa panahon ng mga di inaasahang pangyayari o sakuna, ang Registry ay</p> |

|     |   |  |
|-----|---|--|
|     |   | nakapagbibigay ng mahahalagang impormasyon para sa mga taong tagapag-alaga ng kalusugan.   |
| 68. | <p>How does the Registry help you and your family?</p> <ul style="list-style-type: none"> <li><input type="checkbox"/> The Registry helps make sure your child:</li> <li><input type="checkbox"/> Doesn't miss any immunizations or does not get too many <ul style="list-style-type: none"> <li><input type="checkbox"/> Has all of the immunizations needed to: <ul style="list-style-type: none"> <li><input type="checkbox"/> Start day care, school, or college</li> <li><input type="checkbox"/> Sign-up for camp or sports programs</li> <li><input type="checkbox"/> Prepare for stays in the hospital or long-term care facility</li> <li><input type="checkbox"/> Work in certain jobs, such as those in the healthcare sector</li> </ul> </li> </ul> </li> </ul> | <p>Paano nakatutulong ang Registry sa inyo at sa inyong pamilya?</p> <ul style="list-style-type: none"> <li><input type="checkbox"/> Ipinapasigurado ng Registry na ang inyong anak ay:</li> <li><input type="checkbox"/> Makukuha niya lahat ang mga kinakailangang bakuna o hindi maging sobra sa dami ang mga bakunang maibibigay sa kanya <ul style="list-style-type: none"> <li><input type="checkbox"/> Nasa kanya lahat ang mga bakunang kailangan niya upang:</li> <li><input type="checkbox"/> Makapagsimula sa day care, eskwelahan, o kolehiyo</li> <li><input type="checkbox"/> Makalahok sa camp program o sa mga programa sa sports o palakasan</li> <li><input type="checkbox"/> Maihanda ang sarili para sa matagalang pamamalagi sa ospital o sa mga pasilidad na kung saan ay maaari siyang mamalagi ng matagal</li> <li><input type="checkbox"/> Makapagtrabaho, kagaya sa sektor ng pag-aalaga ng kalusugan</li> </ul> </li> </ul> |
| 69. | <p>Your Rights:</p> <ol style="list-style-type: none"> <li>1. You can choose to include or not include your child's immunization record information in the Registry.</li> <li>2. You can change your mind at any time about your decision regarding the Registry.</li> <li>3. You can work with your doctor to check your child's immunization record for errors.</li> </ol>  | <p>Ang Inyong mga Karapatan:</p> <ol style="list-style-type: none"> <li>1. Nasa iyo ang pasiya kung gusto mong ipasok o hindi sa Registry ang rekord ng pagpapabakuna ng inyong anak.</li> <li>2. Maaari mong baguhin sa ano mang oras ang inyong pasiya tungkol sa Registry.</li> <li>3. Maaari kang makipagtulungan sa doktor ng inyong pamilya upang matingnan kung may mali ang rekord ng pagpapabakuna ng inyong anak.</li> </ol>   |
| 70. | <p>Your decision to include or not include your child's immunization record in the Registry will not affect whether or not he or she receives immunizations.</p>  | <p>Ang inyong pasiya na ipasok o di ipasok ang rekord ng pagpapabakuna ng inyong anak sa Registry ay walang kinalaman sa pagkatanggap o di pagkatanggap</p>  |

|     |  |   |
|-----|--|---|
| 71. | <p>If you have questions or would like to check or correct your child's record, you can talk to your doctor, call the Department of Health Immunization Branch at 586-4665 (Oahu) or 1-888-447-1023 (neighbor islands), e-mail your question to: RegistryHelp@doh.hawaii.gov, or visit our website at:<br/> <a href="http://hawaii.gov/health/family-child-health/immunization/registry/index.html">http://hawaii.gov/health/family-child-health/immunization/registry/index.html</a>.</p> | <p>ng inyong anak na mga bakuna.<br/> Kung mayroong kang mga katanungan o gusto mong tingnan o itama ang rekord ng inyong anak, maaari mong kausapin ang inyong doktor, tawagan ang Sangay ng Pagbabakuna (Immunization Branch) ng Departamento ng Kalusugan sa 586-4665 (Oahu) o 1-888-447-1023 (mga karatig na isla), o ipadala sa e-mail ang inyong katanungan sa:<br/> RegistryHelp@doh.hawaii.gov, o bisitahin ang ating website sa:<br/> <a href="http://hawaii.gov/health/family-child-health/immunization/registry/index.html">http://hawaii.gov/health/family-child-health/immunization/registry/index.html</a>.</p> |
|-----|--|---|

|     |  |  |
|-----|--|--|
| 1.  | STUDENT Vaccination Consent Form   | Pormularyo ng Pahintulot sa Pagpapabakuna ng ESTUDYANTE                                      |
| 2.  | FLU SHOT   | BAKUNA SA TRANGKASO NA INIINIINIKSIYON   |
| 3.  | Student's Name (Last)  | PANGALANG NG ESTUDYANTE (APILYEDO)   |
| 4.  | (First)  | (Pangalan)   |
| 5.  | M.I.   | UNANG LETRA NG APILYEDO NG INA   |
| 6.  | Student date of birth  | PETSA NG KAPANGANAKAN NG ESTUDYANTE  |
| 7.  | Age in years   | Edad (Taon)  |
| 8.  | PARENT'S/GUARDIAN'S NAME (Last)  | PANGALAN NG MAGULANG/TAGAPAG-ALAGA (Apilyedo)  |
| 9.  | STUDENT'S GENDER   | KASARIAN NG ESTUDYANTE   |
| 10. | Select one   | Pumili ng isa  |
| 11. | MALE   | LALAKI   |
| 12. | FEMALE   | BABAE  |
| 13. | ADDRESS  | ADRES O TIRAHAN  |
| 14. | CITY   | LUNGSOD  |
| 15. | ZIP  | ZIP CODE   |
| 16. | DAYTIME PHONE NUMBER:<br>HOME PHONE:<br>CELL PHONE:                                  | NUMERO NG TELEPONO NA MAAARING MATAWAGAN SA ARAW:<br>TELEPONO SA BAHAY:<br>CELL PHONE:       |
| 17. | HOMEROOM TEACHER'S NAME (Last, first)  | PANGALAN NG GURO NA GUMAGABAY SA ESTUDYANTE (Apilyedo, pangalan)                             |
| 18. | SCHOOL NAME  | PANGALAN NG PAARALAN   |
| 19. | GRADE  | GRADO O ANTAS  |
| 20. | STUDENT'S DOCTOR'S NAME (Last, first)  | PANGALAN NG DOKTOR NG ESTUDYANTE (Apilyedo, pangalan)  |
| 21. | STUDENT'S HEALTH INSURANCE   | SEGURO SA KALUSUGAN (HEALTH INSURANCE) NG ESTUDYANTE   |
| 22. | The "Stop Flue at School" program is FREE.   | Ang programang "Pigilin ang Trangkaso sa Paaralan" ("Stop Flu at School") ay WALANG BAYAD.   |
| 23. | Your insurance will NOT be billed.   | WALANG masisingil sa inyong seguro.  |
| 24. | Private  | Pribado  |
| 25. | No insurance   | Walang seguro  |
| 26. | Not sure   | Hindi ko tiyak   |
| 27. | Other:   | Iba pa:  |
| 28. | Hawaii Immunization Registry Consent (See reverse side for information) (Select one) | PAHINTULOT UPANG MAIPASOK SA TALAAN NG PAGBABAKUNA SA HAWAII (Tingnan ang likod nito para sa |

|    |   |   |
|----|---|---|
|    |   | impormasyon) (Pumili ng isa)  |
| 29 | I allow my child's vaccination record to be entered into the Hawaii Immunization Registry and made available to my child's doctor, the Department of Health, and other Registry Users for authorized purposes.  | Ipinapahintulot ko na maipasok ang rekord ng pagpapabakuna ng aking anak sa Talaan ng Pagbabakuna sa Hawaii at maaari ding ipamahagi ito sa doktor ng aking anak, sa Departamento ng Kalusugan, at sa mga iba pang Gumagamit ng Talaan para sa mga pinahinintulotang pakay.   |
| 30 | I do not allow my child's vaccination record to be entered into the Hawaii Immunization Registry.   | Di ako papayag na maipasok ang rekord ng pagpapabakuna ng aking anak sa Talaan ng Pagbabakuna sa Hawaii.  |
| 31 | The following questions will help us to determine if your child may receive the Flu Shot (inactivated influenza vaccine). Please select YES or NO for each question.  | Ang inyong kasagutan sa mga sumusunod na katanungan ay makatutulong upang matiyak namin kung maaaring mabigyan ang inyong anak ng BAKUNA SA TRANGKASO NA INIINIISIYON (hindi buhay na bakuna sa trangkaso). Sagutan ng OO o HINDI ang bawat katanungan.   |
| 32 | YES   | OO  |
| 33 | NO  | HINDI   |
| 34 | 1. Has your child ever had a serious allergic reaction to eggs or to a component of any flu vaccine?  | 1. Nagkaroon na ba ng malalang alerdyi ang inyong anak dahil sa itlog o sa isang sangkap ng anumang bakuna sa trangkaso?  |
| 35 | 2. Has your child ever had a serious reaction to a previous dose of flu vaccine?  | 2. Nagkaroon ba ng malalang karamdaman o reaksiyon ang inyong anak dahil sa bakuna sa trangkaso na nauna ng naibigay sa kanya?  |
| 36 | 3. Has your child ever had Guillain-Barré Syndrome (a serious nervous system disorder)?   | 3. Nagkaroon na ba ang inyong anak ng Guillain-Barré Syndrome (isang malalang sakit na umaapekto sa utak)?  |
| 37 | NOT ON THIS FORM  |   |
| 38 | NOT ON THIS FORM  |   |
| 39 | NOT ON THIS FORM  |   |
| 40 | NOT ON THIS FORM  |   |
| 41 | NOT ON THIS FORM  |   |
| 42 | If you answered YES to any questions, left any questions blank, or you are unsure of the answer to any of the above questions, your child will <u>not</u> receive the Flu Shot (inactivated influenza vaccine) through the school vaccination program (please talk to your child's doctor). | Kung may sagot kang OO sa alin man sa mga katanungan, may katanungang hindi mo sinagot, o hindi ka tiyak o sigurado sa inyong sagot sa alin man sa mga katanungan sa itaas, ang inyong anak ay <u>HINDI</u> mabibigyan ng Bakuna sa Trangkaso na Iniiniksiyon (hindi buhay na bakuna sa trangkaso) sa ilalim ng programa sa pagpapabakuna ng paaralan |

|    |  |  |
|----|--|--|
|    |  | (kausapin ang doctor ng inyong anak).  |
| 43 | <p><b>CONSENT FOR CHILD'S VACCINATION:</b><br/> I have received and read the 2009-10 Vaccine Information Statement for Influenza Vaccine. I understand the risks and benefits, and give consent to the State of Hawaii Department of Health and its authorized staff for my child, named at the top of this form, to receive the Flu Shot. My signature also certifies my decision regarding the Hawaii Immunization Registry as indicated above. In addition, I consent to having information regarding my child's influenza vaccination shared with my child's doctor and my child's health insurance company.</p> | <p><b>PAHINTULOT SA PAGPAPABAKUNA NG ANAK:</b> Natanggap at nabasa ko ang 2009-10 Impormasyon Tungkol sa Bakuna para sa Bakuna sa Trangkaso. Naiintindihan ko ang mga panganib at mga kabutihang ibinibigay ng bakuna, at pinahihintulotan ko ang Departamento ng Kalusugan ng Estado ng Hawaii at ang mga autorisadong tauhan nito upang mabigyan ang aking anak, na ang pangalan ay nasa itaas, ng BAKUNA SA TRANGKASO NA INIINIISIYON. Pinapatunayan din ng aking lagda ang aking pasiya tungkol sa Talaan ng Pagpapabakuna sa Hawaii na una ng nailahad sa itaas. Maliban dito, ipinapahintulot ko na ang rekord ng pagpapakuna ng aking anak ay maaaring maibigay sa kanyang doktor at sa kompanya na nangangasiwa sa seguro ng kalusugan (health insurance) ng aking anak.</p> |
| 44 | Signature/Parent or Legal Guardian   | Lagda/Magulang o Legal na Tagapag-alaga  |
| 45 | Date   | Petsa  |
| 46 | FOR ADMINISTRATIVE USE ONLY  | PARA LAMANG SA MGA NANGANGASIWA SA PAGBABAKUNA   |
| 47 | Vaccine  | Bakuna   |
| 48 | Date dose administered   | Petsa ng ibigay ang bakuna   |
| 49 | Route  | Paano naibigay ang bakuna?   |
| 50 | Vaccine manufacturer   | Gumawa ng bakuna   |
| 51 | Lot number   | 'Lot number' ng bakuna   |
| 52 | Expiration date  | Petsa ng Pagkawala ng Saysay   |
| 53 | Date of VIS publication  | Petsa ng pagkalathala ng VIS   |
| 54 | Name, address, & title of vaccine administrator  | Pangalan, adres, at titulo o posisyon sa trabaho ng taong nag-iniksiyon o nag-isprey ng bakuna   |
| 55 | NOT ON THIS FORM   |  |
| 56 | NOT ON THIS FORM   |  |
| 57 | Reason FLU SHOT <u>NOT</u> given:  | Dahilan kung bakit ang BAKUNA SA TRANGKASO NA INIINIISIYON ay <u>HINDI</u> naibigay:   |
| 58 | Student had temperature of 100.5° or higher  | Ang estudyante ay may temperatura na 100.5°F o mas mataas pa   |
| 59 | Student refused Flu Shot   | Di pumayag ang estudyante na mabigyan  |

|    |  |  |
|----|--|--|
|    |  | siya ng BAKUNA SA TRANGKASO NA INIINIISIYON  |
| 60 | Student's consent form incomplete  | Hindi kompleto ang Pormularyo ng Pahintulot sa Pagpapabakuna ng Estudyante   |
| 61 | Student absent   | Hindi pumasok ang estudyante   |
| 62 | Hawaii Department of Health  | Departamento ng Kalusugan ng Hawaii  |
| 63 | April 27, 2009   | Abril 27, 2009   |
| 64 | HAWAII IMMUNIZATION REGISTRY INFORMATION   | MGA DAPAT MONG MALAMAN TUNGKOL SA TALAAN NG PAGBABAKUNA SA HAWAII  |
| 65 | The Hawaii Immunization Registry (or "Registry") is a secure computer system that stores individual immunization records. Doctors, nurses, and other healthcare workers can use the Registry to access your child's immunization record. The Registry is a free service of the Hawaii State Department of Health for people living in Hawaii.  | Ang Talaan ng Pagbabakuna sa Hawaii (o "Registry") ay isang sistema ng kompyuter na hindi basta nabubuksan ng sino man at dito nakatago ang rekord ng pagpapabakuna ng isang tao. Ang mga doktor, nars, at mga ibang tagapag-alaga ng kalusugan ay maaari nilang gamitin ang Registry upang tingnan ang rekord ng pagpapabakuna ng inyong anak. Ang Registry ay isang libreng serbisyo ng Departamento ng Kalusugan ng Estado ng Hawaii para sa mga taong naninirahan sa Hawaii.   |
| 66 | <p>How does the Registry work?</p> <ul style="list-style-type: none"> <li><input type="checkbox"/> Doctors and nurses (Registry authorized users) can store information in the Registry. The information is used to make sure your child's immunization record is up to date. This information may include:</li> <li><input type="checkbox"/> Child's name</li> <li><input type="checkbox"/> Date of birth</li> <li><input type="checkbox"/> Gender</li> <li><input type="checkbox"/> Mailing address</li> <li><input type="checkbox"/> Immunization record</li> </ul> | <p>Paano Maging Pakipakinabang ang Registry?</p> <p>Ang mga doktor at nars (sila'y pinapayagang gumamit ng Registry) ay maaaring magtago ng impormasyon sa Registry. Ang impormasyon o kaalamang ito ay magagamit upang maging parating bago ang rekord ng pagpapabakuna ng inyong anak. Maaaring kasama sa impormasyon ang mga ito:</p> <ul style="list-style-type: none"> <li><input type="checkbox"/> Pangalan ng bata</li> <li><input type="checkbox"/> Petsa ng kapanganakan</li> <li><input type="checkbox"/> Kasarian (lalaki o babae)</li> <li><input type="checkbox"/> Adres na maaaring padalhan ng sulat</li> <li><input type="checkbox"/> Rekord sa pagpapabakuna</li> </ul> |
| 67 | <p>How does the Registry help doctors and nurses?</p> <ul style="list-style-type: none"> <li><input type="checkbox"/> The Registry will help your child's doctor or nurse:</li> <li><input type="checkbox"/> View your child's immunization record. This is especially helpful if</li> </ul>   | <p>Paano makatutulong ang Registry sa mga doktor at nars?</p> <ul style="list-style-type: none"> <li><input type="checkbox"/> Ang Registry ay makatutulong sa doktor o nars na nag-aalaga sa inyong anak dahil:</li> <li><input type="checkbox"/> Makikita nila dito ang rekord ng</li> </ul>  |

|    |   |   |
|----|---|---|
|    | <p>you change clinics or doctors.</p> <ul style="list-style-type: none"> <li><input type="checkbox"/> Check which immunizations are needed at each visit.</li> <li><input type="checkbox"/> Print out a current Hawaii Immunization Record.</li> </ul> <p>In times of emergency or disaster, the Registry can give important information to healthcare workers.</p>   | <p>pagpapabakuna ng inyong anak. Lalong makatutulong ito sa inyo kung magpapalit kayo ng klinika o doktor na titingin sa inyong anak.</p> <ul style="list-style-type: none"> <li><input type="checkbox"/> Makikita kung anong uri ng bakuna ang kailangan ng bata tuwing bibisita siya sa kanyang doktor.</li> <li><input type="checkbox"/> Makapagpaimprenta ng bagong Talaan ng Pagbabakuna sa Hawai.</li> </ul> <p>Sa panahon ng mga di inaasahang pangyayari o sakuna, ang Registry ay nakapagbibigay ng mahahalagang impormasyon para sa mga taong tagapag-alaga ng kalusugan.</p>   |
| 68 | <p>How does the Registry help you and your family?</p> <ul style="list-style-type: none"> <li><input type="checkbox"/> The Registry helps make sure your child:</li> <li><input type="checkbox"/> Doesn't miss any immunizations or does not get too many <ul style="list-style-type: none"> <li><input type="checkbox"/> Has all of the immunizations needed to:</li> <li><input type="checkbox"/> Start day care, school, or college</li> <li><input type="checkbox"/> Sign-up for camp or sports programs</li> <li><input type="checkbox"/> Prepare for stays in the hospital or long-term care facility</li> <li><input type="checkbox"/> Work in certain jobs, such as those in the healthcare sector</li> </ul> </li> </ul> | <p>Paano nakatutulong ang Registry sa inyo at sa inyong pamilya?</p> <p>Ipinapasigurado ng Registry na ang inyong anak ay:</p> <ul style="list-style-type: none"> <li><input type="checkbox"/> Makukuha niya lahat ang mga kinakailangang bakuna o hindi maging sobra sa dami ang mga bakunang maibibigay sa kanya</li> <li><input type="checkbox"/> Nasa kanya lahat ang mga bakunang kailangan niya upang: <ul style="list-style-type: none"> <li><input type="checkbox"/> Makapagsimula sa day care, eskwelahan, o kolehiyo</li> <li><input type="checkbox"/> Makalahok sa camp program o sa mga programa sa sports o palakasan</li> <li><input type="checkbox"/> Maihanda ang sarili para sa matagalang pamamalagi sa ospital o sa mga pasilidad na kung saan ay maaari siyang mamalagi ng matagal</li> <li><input type="checkbox"/> Makapagtrabaho, kagaya sa sektor ng pag-aalaga ng kalusugan</li> </ul> </li> </ul> |
| 69 | <p>Your Rights:</p> <ol style="list-style-type: none"> <li>1. You can choose to include or not include your child's immunization record information in the Registry.</li> <li>2. You can change your mind at any time about your decision regarding the Registry.</li> <li>3. You can work with your doctor to check your child's immunization</li> </ol>   | <p>Ang Inyong mga Karapatan:</p> <ol style="list-style-type: none"> <li>1. Nasa iyo ang pasiya kung gusto mong ipasok o hindi sa Registry ang rekord ng pagpapabakuna ng inyong anak.</li> <li>2. Maaari mong baguhin sa ano mang oras ang inyong pasiya tungkol sa Registry.</li> <li>3. Maaari kang makipagtulungan sa</li> </ol>   |

|    |   |  |
|----|---|--|
|    | record for errors.  | doktor ng inyong pamilya upang matingnan kung may mali ang rekord ng pagpapabakuna ng inyong anak.   |
| 70 | Your decision to include or not include your child's immunization record in the Registry will not affect whether or not he or she receives immunizations.   | Ang inyong pasiya na ipasok o di ipasok ang rekord ng pagpapabakuna ng inyong anak sa Registry ay walang kinalaman sa pagkatanggap o di pagkatanggap ng inyong anak na mga bakuna.   |
| 71 | If you have questions or would like to check or correct your child's record, you can talk to your doctor, call the Department of Health Immunization Branch at 586-4665 (Oahu) or 1-888-447-1023 (neighbor islands), e-mail your question to: RegistryHelp@doh.hawaii.gov, or visit our website at: <a href="http://hawaii.gov/health/family-child-health/immunization/registry/index.html">http://hawaii.gov/health/family-child-health/immunization/registry/index.html</a> . | Kung mayroong kang mga katanungan o gusto mong tingnan o itama ang rekord ng inyong anak, maaari mong kausapin ang inyong doktor, tawagan ang Sangay ng Pagbabakuna (Immunization Branch) ng Departamento ng Kalusugan sa 586-4665 (Oahu) o 1-888-447-1023 (mga karatig na isla), o ipadala sa e-mail ang inyong katanungan sa: RegistryHelp@doh.hawaii.gov, o bisitahin ang ating website sa: <a href="http://hawaii.gov/health/family-child-health/immunization/registry/index.html">http://hawaii.gov/health/family-child-health/immunization/registry/index.html</a> . |
| 72 | Site  | Saan naturukan o nainiksiyonan   |
| 73 | RA  | Kanang braso   |
| 74 | LA  | Kaliwang braso   |
| 75 | IM  | Itinurok sa kalamnan   |
| 76 | Inactivated influenza vaccine   | Hindi buhay na bakuna sa trangkaso   |